



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

TIGNAN ANG MABUTI BILANG MABUTI AT ANG MASAMA BILANG MASAMA

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Anwwalin wal Akhirin,
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,
Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Sabi ng ating Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam:

اللَّهُمَّ ارِنَا الْحَقَّ حَقًّا وَارْزُقْنَا إِتِبَاعَهُ وَارِنَا الْبَاطِلَ بَاطِلًا
وَارْزُقْنَا اجْتِنَابَهُ

“Allahumma arinal haqqa haqqan warzuqnat tiba’ahu, wa’arinal batila batilan warzuqnaj tinabah.” “Ya Allah! Ipakita mo sa amin ang katotohanan bilang totoo at tulungan mo kami na sundan ito. Ipakita mo sa amin ang kasinungalingan bilang kasinungalingan at bigyan mo kami ng tagumpay sa paglayo dito.”

Sabi ng banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam Nawa’y ipakit sa atin ng Allah ang katotohanan bilang totoo. Dahil may mga tao ngayon na ginagawang mabuti at totoo ang mga masamang bagay, sinusundan nila ang kanilang Nafs. Sa madaling salita sila’y nabubuhay na parang wala lang sa paningin nila ang pag gawa ng kasalanan, di sila nagkakaroon ng pagsisisi. Kaya sinabi ng Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam na “Ya Allah Ipakita mo sa amin ang kasinungalingan bilang kasinungalingan at bigyan mo kami ng tagumpay sa paglayo dito.”

Ito’y magandang panalangin ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ito’y duwaa at payo din sa lahat ng tao. Wag mong tignang mabuti ang masama. Tignan mo ang mabuti bilang mabuti. Kabaliktaran ang nangyayari ngayon: Tinitignan nila ang Mabuti bilang Masama at ang Masama bilang Mabuti. Nawa’y makita natin kung ano ang masama at mabuti. Nawa’y ilayo tayo ng Allah sa kasamaan. Tayo’y pumunta sa kabutihan, mahalin ito, gumawa ng mabubuting bagay at aksyon.



Sohbats by
Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Ang mga taong tagumpay sa bagay na ito ay mga Mahal ng Allah at mamahalin din siya ng mga tao. Ang mga silang gumagawa ng masama kahit di niya alam ang kasamaang ginagawa niya, ito'y nakikita ng ibang tao. Kapag sila'y gagawa ng kasamaan sa ibang tao, sila'y kasusuklanan. Ito'y di magandang bagay pero di ito pinaparamdam sa kanila ng Shaytan.

Ang mga tao ay gumagawa ng kasamaan ng di man lang nag-iisip. Nawa'y protektahan ang mga tao sa ganoong bagay at nawa'y protektahan din tayo. Nawa'y makita natin ang mabuti bilang mabuti at kung ano ang masama. Nawa'y ilayo tayo mula sa masama at makagawa ng kabutihan In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
7 October 2016/6 Muharram 1438
Sabah Namaz, Akbaba Dargah